




OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKAANIM NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 10 AGOSTO 1998, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor ~~Genzale~~ C. Sinel, Jr. - Tagapangulo
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo K. Soriano
Kagawad Juan S. Advincula
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Mae Arlene M. Talens
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 039

Taong 1998

KAPASYAHANG MAPITAGANG HINIHLING SA DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY, CALAPAN CITY ANG MADALIAN AT PUSPUSANG PAGPAPATUPAD NG PRICE TAG LAW SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang paglalagay ng tag ng presyo ng mga bilihin ay isang batas, R.A. 71 na pinagtibay noong Oktubre 21, 1946, mahigit na limampung taon na ang nakalilipas na binago sa R.A. 1074 na pinagtibay noong Hunyo 12, 1954 at ipinaimplementa ng Commerce Administrative Order No. 2 - C;

SAPAGKA'T, ang layunin ng batas na ito ay upang mapigilan o mabawasan ang tawaran o pagpapaikot ng presyo ng mga bilihing itinatadhanang lagyan ng price tag na ang dulot sa mamimili at manininda a y aksaya ng panahon, pera at lakas na dapat ay nagugol sa higit pang kapaki-pakinabang na bagay;

SAPAGKA'T, simula sa pagsasabatas nito hanggang sa kasalukuyan, ang pagpapatupad dito ay isinagawa na subali't marami pa ring mga manininda sa maraming dako ng ating bansa ang hindi sumusunod sa itinatadhana nitong Price Tag Law;

SAPAGKA'T, ang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay hindi naiiba sa kasalukuyang takbo ng pagnenegosyo na malimit ang mga manininda ay hindi naglalagay ng mga price tags sa kanilang mga itinitinda;

SAPAGKA'T, ang ganitong gawain ay hindi makatarungan lalo sa panahon ng krisis at kalamidad kung saan ang pagsasamantala ng mga negosyante sa mga mamimili ay hayagang nakikita at nadarama at ang higit na naapektuhan ay ang mga mahihirap na mamamayan;

SAPAGKA'T, ang pagsasamantalang ito ay hindi lamang sa mga lokal na mamimili kundi higit sa mga taga-ibang lugal at mga istrangherong hindi nakaaalam ng tunay na presyo ng mga bilihin;

SAPAGKA'T, para na rin sa transparency o pagiging bukas ng mga manininda sa mamimili at ng mga manininda sa kapwa manininda at maiwasan na ang mga pagsasamantala, ipinasya ng kapulungang ito na hilingin sa Department of Trade and Industry ng Silangang Mindoro ang madalian at puspulang pagpapatupad ng Price Tag Law sa Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DI'TO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Department of Trade and Industry, Calapan City ang madalian at puspulang pagpapatupad ng Price Tag Law sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Provincial Director, Gng. Amor Reandelar-Morente, DTI Calapan City para sa kanyang kaalaman at maagap na pag-aksyon sa kahilingang ito.


Pinagtibay ng lahat.

10 Agosto 1998.


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagpangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

tsffaina/